American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-10, Issue-02, pp-93-103
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Directed Reading Thinking Activity sa Maunawang Pagbasa para sa Filipino

MADELYN CUBCUBAN-MALAZARTE
*Cebu Technological University-Main Campus*

**ABSTRAK**
**Layunin:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang kabisaan ng estratehiyang Directed ReadingThinking Activity (DRTA) sa paglinang ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong antas. Tinutukoy nito ang pagkakaiba ng epekto ng DRTA at tradisyonal na pagtuturo sa tatlong kasanayan: paghihinuha batay sa mga ideya o pangyayari sa akda, pagtutuos sa datingkaalaman, at ebalwasyon ng sanhi at bunga ng mga pangyayari.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pag-aaral ng quasi-experimental na disenyo na kinasangkutan ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral sa ikawalong antas. Ang isang pangkat ay sumailalim sa tradisyonal na pagtuturo, samantalang ang isa ay ginamitan ng estratehiyang DRTA. Gumamit ng pagsusulit at talatanungan bilang mga instrumento sa pangangalap ng datos. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, at independent samples t-test upang matukoy ang antas ng performans at makabuluhang pagkakaiba ng dalawang pangkat.
**Resulta:** Ipinakita ng mga resulta na mas epektibo ang DRTA sa pagpapahusay ng kasanayan sa paghihinuha at ebalwasyon ng sanhi at bunga ng mga pangyayari kumpara sa tradisyonal na pagtuturo. Bagama't parehong nasa antas ng instructional ang dalawang pangkat sa kasanayang pagtutuos sa dating kaalaman, natukoy ang mas mataas na mean score ng pangkat na ginamitan ng DRTA, na nagpapahiwatig ng positibong epekto nito sa maunawang pagbasa.
**Kongklusyon:** Batay sa mga natuklasan, napatunayang ang Directed Reading Thinking Activity ay isang mabisang estratehiya sa paglinang ng maunawang pagbasa ng mga mag-aaral. Ang estratehiyang ito ay nagtataguyod ng aktibong pagkatuto at kritikal na pag-iisip na mahalaga sa pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong binabasa.
**Mga Susing Salita**: maunawang pagbasa, Directed Reading Thinking Activity (DRTA), quasi- eksperimental, ikawalong antas, tradisyonal na pagtuturo

## I. INTRODUKSIYON

Ang maunawang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan na may tuwirang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang kakayahang maunawaan ang impormasyon mula sa binabasa ay sandigan ng pagkatuto sa iba't ibang larangan. Ayon kina Gedik at Akyol (2022), ang mga estratehiya sa pagbasa ay dapat na naglalayong mapaunlad hindi lamang ang bilis ng pagbasa kundi pati na rin ang kakayahan ng mag-aaral na magproseso ng impormasyon upang maunawaan ang kahulugan ng isang akda. Ang pagbasa ay isang kumplikadong gawain ng pagpoproseso ng impormasyon mula sa teksto. Ayon kay Peñeda (2021), ang matagumpay na pagbasa ay nakasalalay sa kakayahan ng mambabasa na gamitin ang kanyang dating kaalaman upang maiugnay ito sa bagong impormasyong kanyang nakukuha mula sa binasa. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Edullantes et al. (2023) na ang pag- unawa sa isang akda ay hindi lamang nakasalalay sa pagsasaulo ng impormasyon kundi sa masusing pagsusuri at pag-aanalisa ng mga magkakaugnya na konsepto na napapaloob sa binasang teksto.

Sa kasalukuyang kalagayan ng edukasyon, napansin ng mananaliksik na marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang umunawa ng mga tekstong binabasa. Batay sa isinagawang Oral ReadingVerification (ORV) sa paaralang tinuturuan ng mananaliksik, natukoy na 65% ng mga mag-aaral sa Ikawalong Antas ay nasa frustration level sa pagbasa, na nangangahulugang sila ay may matinding kahirapan sa pag-unawa ng teksto. Naging obserbasyon din ng mga guro na maraming mag-aaral ang hindi nakasasagot nang maayos sa mga pagsusulit na nangangailangan ng kritikal na pagsusuri ng akda. Bunsod ng mga nabanggit, isinagawa ang pag-aaral upang masuri ang isang estratehiya na maaaring makatugon sa suliranin sa mababang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa. Ang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) ay isang estratehiya sa pagbasa na naglalayong gawing aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa sa pamamagitan ng paghihinuha, pangangatuwiran, pagbabasa, at pagpapatunay. Ayon kay Megawati (2019), may positibong

epekto sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga binabasang teksto ang estratehiyang DirectedReading Thinking Activity (DRTA) sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa talakayan. Natuklasannaman sa pag-aaral ni Lagat (2021) na ang DRTA ay isang mabisang estratehiya upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Aclinen at Olesio (2023) na higit na mas mabisa ang paggamit ng DRTA kumpara sa ibang estratehiyasa pagtuturo ng pagbasa, lalo na sa pagpapalalim ng kakayahan sa kritikal na pag-iisip habang inuunawa ang mga tekstong binabasa. Bagama't sa pag-aaral na ito ang pedagogikal na halaga ng DRTA ay napaigting at nasilayan na limitado ang mga pananaliksik na sumusuri sa kontekstuwalisado at sistematikong aplikasyon nito sa asignaturang Filipino, partikular sa integrasyon ng pag-unawa sa teksto, pagsusuring pampanitikan, at kritikal na pag-iisip. Inasahan sa isinagawang pag-aaral ang masusing pagsuri sa bisa ng DRTA sa isang tiyak na kontekstong pang-edukasyon, sa layuning mapalalim ang mataas na antas ng pag-iisip at analitikong kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa ganitong banda, nilayon ng pananaliksik na ito na masuri ang kabisaan ng DRTA sa paglinang ng maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 8. Binibigyang-diin nito kung paano nakatulong ang estratehiyang DRTA sa mga kasanayang paghihinuha batay sa mga impormasyon mula sa akda, pagtutuos sa dating kaalaman, at pagsusuri ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akda.

**Paglalahad ng Batayan ng Pag-aaral at Teorya**

Pinalawak ng pag-aaral ang umiiral na literatura ng DRTA sa pagtutok sa mga mag-aaral sa Filipino 8 na nasa frustration level sa pagbasa. Sa ganitong paraan, nagsilbi ang pananaliksik bilang empirikal na ebidensya para sa pangangailangan ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa sa lokal na konteksto. Ipinakita na ang DRTA ay nakatulong hindi lamang sa pag-unawa ng teksto kundi pati narin sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, kakayahang mag-analisa, at aktibong partisipasyon ng mgamag-aaral sa silid-aralan.

Isang pamamaraan naman na ang cognitive development na may layuning ipaliwanag kung paano nakararating ang impormasyon sa memorya ng tao ayon kina Wang et al. (2003). Ito ay batay sa ideya na ang tao ay hindi tumutugon sa stimuli mula sa kapaligiran sa halip, ipinoproseso ng tao ang impormasyon na kaniyang natatanggap. Isinasaad ng Information Processing Theory nina Richard Atkinson at Richard Shiffrin ang paraan kung paano pinoproseso ng utak ang impormasyon. Hindi lamang ipinapaliwanag ng teoryang ito kung paano nakukuha ang impormasyon kundi pati na ang kung paano ito naiimbak sa utak at nagagamit ng isang tao. Ang proseso ay nagsisimula sa pagtanggap ng input o tinatawag na stimulus, mula sa kapaligiran gamit ang iba't ibang pandama. Pagkatapos ay iniuukit at iniimbak ang input sa memorya, at nagagamit kapag kinakailangan. Inihahalintulad ang isip o utak sa isang komyuter na kayang suriin ang impormasyon mula sa kapaligiran. Binanggit sa pag-aaral ni Bouchrika (2024) na kahit sa murang edad, ang isang tao ay kayang mag-ipon at mag-imbak ng malaking impormasyon gaya ng isinasaad sa Information Processing Theory Child Development.

Ang Deped Order No. 013, s. 2023 Adoption of the National Learning Recovery Program (NLRP)

Ito ang programang ipinapatupad ng Kagawaran ng Edukasyon upang matugunan ang kakulangan sa pagkatuto na mas pinalubha ng pandemya at ang mababang performans ng mga mag-aaral sa International Large-Scale Assessments (ILSAs) at pambansang pagsusulit. Naaayon ito sa MATATAG Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon na may layuning pagtibayin ang pagpapabuti at pagpapatuloy ng programang pampagkatuto ng kagawaran, mapaunlad ang kasanayan sa literacy at numeracy at paigtingin ang pagkamit ng mga layuning pang-edukasyon. Sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Deped Order No. 013, s. 2023 ay nilikha ang Deped Memorandum No. 001, s. 2024 o ang Implementation of Catch-up Fridays. Nilalaman ng memorandum na ito ang pagpapatupad ng programang Drop Everything and Read (DEAR) na may pangunahing layuning isakatuparan ang National Reading Program (NRP) upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa habang kasabay na pinapalakas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa values, health at peace education.

Ang layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na matugunan ang pagkatutong naapektohan ng nagdaang pandemya ay may kaugnayan sa pag-aaral nina Kuhfeld et al. (2020) kung saan natuklasanang malaking kakulangan sa pagkatuto ng kasanayan sa pagbasa at matematika dulot ng pagsasara ng mga paaralan dahil sa pandemya. Iminungkahi ng pag-aaral na ang learning recovery program ay dapat na nakatuon sa pagwawasto ng kakulangan (remediation) at pagpapatibay ng mga batayang kasanayan na tumutugma sa layunin ng NLRP at NRP. Pinagtibay pa ito ng natuklasan sa pag-aaral nina Dorn et al. (2020) tungkol sa malaking kakulangan sa pagkatuto sa buong mundo lalo na sa kasanayan sa pagbasa dahil sa pagsasara ng mga paaralan noong panahon ng pandemya. Gayunpaman inirekomenda na ang mga programang gaya ng learning recovery at pagbibigay-diin sa paglinang ng kasanayan sa maunawang pagbasa at pagpapahalaga sa mga pangunahing kaugalian at asal na siya ring layunin ng Implementation of Catch-up Fridays.

**Directed Reading Thinking Activity (DRTA)**

Ito ang unang binuo at higit pang pinaghusay ni Russell Stauffer, na naghihikayat sa mga mag- aaral na bumuo ng mga hinuha habang sila ay nagbabasa. Matapos basahin ang ilang bahagi ng teksto, humihinto ang

mga mag-aaral upang patunayan o baguhin ang kanilang paunang hinuha at bumuo ng panibagong hinuha sa maaaring mangyari sa akda batay sa mga nabasang impormasyon. Ayon kay Hasanah (2016), ang proseso ng DRTA ay pangunahing dinisenyo upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtatanong, na may layuning mahubog sila bilang mapanuring mambabasa. Sa pamamagitan nito, hinahasa ang kanilang kakayahang magpuna at mag-isip ng kritikal bago sila hikayatin na maingat na bumuo ng kahulugan sa teksto, kabilang ang tuwiran at di-tuwirang kahulugan nito.

Sintesis ng Pag-aaral

Gamit ang Multi-Store Model of Memory nina Atkinson at Shiffrin, ang estratehiyang DRTA ay isinagawa sa pamamagitan ng apat na siklo ayon sa sumusunod na hakbang: Una, paghihinuha kung saan babasahin ng guro at mga mag-aaral ang tiyak na bahagi ng teksto. Hihikayatin ang mga mag- aaral na bumuo ng hinuha sa kung ano ang mangyayari batay sa bahaging nabasa. Pangalawa, pangangatuwiran o ang pagbibigay ng pagpapaliwanag kung paano nabuo ang mga hinuha ng mga mag-aaral. Pangatlo, pagbabasa sa tiyak na bahagi ng akda. Pang-apat, pagpapatunay kung saan magbabahagian kung nagkaroon ba ng linaw ang mga pangyayari sa akda at kung tama ang kanilang mga naunang hinuha. Sa bahaging ito ay maaring baguhin o iayon ng mga mag-aaral ang kanilang bagong hinuha sa nabasang impormayon mula sa akda. Pagkatapos ay huhulaan naman kung ano ang susunod na mangyayari. Ipagpapatuloy ang interaktibong prosesong ito hanggang sa matapos ang pagbabasa ng mga tekstong alamat, epiko at maikling kuwento.

Naglalayon ang mga pamamaraang ito na mapabuti ang kasanayang kognitibo at literasi ng mga mag-aaral, bagama't nagkakaiba-iba ang kanilang antas ng aplikasyon. Ang Directed Reading-Thinking Activity (DRTA) ay nagsisilbing estratehiyang pedagohikal na nakatuon sa aktwal na implementasyon ng mga gawain sa pagbasa sa loob ng silid-aralan. Samantala, ang Information Processing Theory (IPT) ay nagbibigay-linaw sa kung paano tinatanggap, iniimbak, at pinoproseso ng mag-aaral ang impormasyon sa pamamagitan ng iba't ibang yugto ng pag-iisip. Kaugnay nito, ang mga polisiya ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay nagsisilbing makro-level na balangkas na gumagabay sa sistematikong pagpapatupad ng mga estratehiya sa pagtuturo upang matiyak ang pagkakahanay nito sa pambansang pamantayan sa edukasyon.

Sa kabuoan, ang integrasyon ng Information Processing Theory, DRTA, at learning recovery policies ng DepEd ay nagbibigay ng matibay na batayan sa pananaliksik na ito. Pinapakita nito kung paano maaaring palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa, pagsusuring pampanitikan, at kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng sistematikong interbensiyong panturo na naaayon sa umiiral na mga polisiya at pangangailangan ng pampublikong edukasyon.

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa kasalukuyang kalagayan ng edukasyon, patuloy na kinakaharap ng mga paaralan ang suliranin ng mababang antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral, lalo na sa antas sekondarya. Sa Guba National High School, napag-alaman na maraming mag-aaral sa Ikawalong Antas ang nahihirapan sa mga kasanayang nangangailangan ng paghihinuha, pag-uugnay ng dating kaalaman, at pagsusuri ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto. Ang ganitong kalagayan ay nagiging hadlang sa kanilang akademikong pagganap at sa paglinang ng kritikal na pag-iisip.

Bagama't ginagamit sa pagtuturo ang tradisyonal na pamamaraan sa pagbasa, nananatiling hamon ang pagpapabuti ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa teksto. Ipinapakita ng mga naunang pag-aaral na ang mga estratehiyang nakasentro sa guro ay hindi sapat upang mapaunlad ang masalimuot na kasanayan sa pagbasa. Samakatuwid, may pangangailangan na suriin ang bisa ng mga alternatibong estratehiya, tulad ng Directed Reading Thinking Activity (DRTA), na naglalayong gawing aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa.

Sa kontekstong ito, kinakailangang magsagawa ng isang empirikal na pag-aaral upang matukoy kung mas epektibo ang DRTA kaysa sa tradisyonal na pagtuturo sa paglinang ng maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikawalong Antas ng Guba National High School, bilang batayan sa pagbuo ng isang angkop at mabisang modelong banghay-aralin.

**Mga Layunin ng Pag-aaral**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na matasa ang kabisaan ng estratehiyang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa mga mag-aaral sa Ikawalong Antas ng Guba National High School.

**Mga Tiyak na Layunin**

Partikular na nilalayon ng pag-aaral na:

1. Matukoy ang antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral na ginamitan ng tradisyonal na pagtuturo batay sa:
   - paghihinuha batay sa mga ideya pangyayari sa akda
   - pagtutuos sa dating kaalaman kaugnay sa binasa, at

- ebalwasyon ng sanhi at bunga ng mga pangyayari.

2. Matukoy ang antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral na ginamitan ng estratehiyang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) batay sa parehong kasanayan.
3. Masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral.

**Mga Tanong sa Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral na ginamitan ng tradisyonal na pagtuturo batay sa:
   - paghihinuha batay sa mga ideya pangyayari sa akda,
   - pagtutuos sa dating kaalaman kaugnay sa binasa, at
   - ebalwasyon ng sanhi at bunga ng mga pangyayari?
2. Ano ang antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral na ginamitan ng estratehiyang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) batay sa mga nabanggit na kasanayan?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral na ginamitan ng tradisyonal na pagtuturo at ng estratehiyang DRTA?

**Haypotesis**

$Ho_1$: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng performans ng pangkat na gumamit ng pagtuturong tradisyonal at ng pangkat na gumamit ng estratehiyang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) sa paglinang ng kasanayan sa maunawang pagbasa.

**Metodolohiya**

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ang disenyong Quasi-Experimental ang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral. Ginamit ang disenyong ito upang malaman ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa pagkatapos gamitin ang pagtuturong tradisyonal at Directed Reading Thinking Activity (DRTA) sa dalawang pangkat ng mag-aaral.

**Populasyon at Sampling**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Guba National High School sa unang markahan ng taong panuruan 2024-2025. Saklaw sa pag-aaral na ito ang dalawang pangkat ng mga mag-aaral na binubuo ng tig-38 na mga estudyante bawat seksyon na nasa Ikawalong antas ng Guba National High School. Ang dalawang seksyon ay kinabibilangan ng heterogeneous na pangkat ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling sa pagpili sa mga respondente upang matiyak na ang mapipiling kalahok ay tumutugon sa tiyak na pamantayan na kinakailangan sa pananaliksik. Isinagawa ang isang diagnostic test upang masukat ang paunang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral at matukoy ang mga seksyong may magkatulad na mean score.

**Instrumento**

Gumamit ang mananaliksik ng iba't ibang instrumento upang masuri ang epekto ng pagtuturong tradisyonal at Directed Reading Thinking Activity (DRTA) sa pagtuturo ng maunawang pagbasa. Una, ginamit sa pagtuturo ang mga akdang pampanitikan na Alamat ng Pinya, epikong Si Tuwaang, at maikling kuwentong Uhaw ang Tigang na Lupa. Ang mga akdang nabanggit ay pinili sapagkat naglalaman ang mga ito ng mahahalagang elemento ng panitikan at nagbibigay ng masusing oportunidad upang masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa ng teksto. Ang mga akdang ito ay ginamit bilang pangunahing materyales sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa pagbuo ng hinuha, pagsusuri ng mga pangyayari, at pagtukoy ng sanhi at bunga. Ikalawa, gumamit ang mananaliksik ng banghay-aralin upang maisakatuparan ang pagtuturo gamit ang tradisyonal at ang Directed Reading-Thinking Activity (DRTA) na estratehiya. Sa pagtuturong tradisyonal, ang guro ang pangunahing tagapamahagi ng impormasyon, kung saan binasa ng mga mag-aaral ang akda at pagkatapos ay sinagutan ang mga tanong na may kaugnayan dito. Sa kabilang banda, sa estratehiyang DRTA, ang mga mag-aaral ay hinikayat na maghinuha, gumawa ng prediksyon, at suriin ang kanilang mga sagot bago, habang, at pagkatapos ng pagbabasa. Ang paggamit ng banghay-aralin ay nakatulong upang magkaroon ng organisadong daloy ng pagtuturo sa dalawang pangkat ng mga mag-aaral. Ikatlo, ginamit ang isang komprehensibong pagsusulit upang masukat ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binasang akda. Ang pagsusulit na ito ay nirebisa at iniangkop mula sa opisyal na modyul ng paaralan upang matiyak na ang nilalaman ay angkop sa kasalukuyang layunin ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng pagsusulit, nasuri ang kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang kasanayan sa maunawang pagbasa, kabilang ang paghihinuha, kung saan sinusuri ng mga mag-aaral ang kahulugan o posibleng kinalabasan ng isang sitwasyon batay sa mga pangyayari sa akda; pagtutuos ng dating kaalaman, na sumukat sa kakayahan ng mga mag-aaral na iugnay ang kanilang dating kaalaman sa bagong impormasyong natutunan mula sa binasa; at pagsusuri ng mga hudyat ng sanhi at bunga, na nagpapakita ng kanilang kakayahang matukoy ang ugnayan ng mga pangyayari batay sa mga pahiwatig sa akda. Ang pagsusulit na ito ang nagsilbing pangunahing batayan sa pagtataya ng performans ng mga mag-aaral sa ilalim ng

dalawang estratehiya sa pagtuturo. Ikaapat, upang mas malalimang maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan na ibinatay sa pag-aaral nina Estremera at Estremera (2018). Ang talatanungan ay nirebisa upang umangkop sa antas ng pang-unawa at karanasan ng mga mag-aaral. Nakapaloob dito ang mga tanong na may kinalaman sa saloobin ng mga mag-aaral tungkol sa mga naging suliranin o hamon na kanilang naranasan sa pagkatuto ng maunawang pagbasa.

**Koleksiyon ng Datos**

Ang pag-aaral na ito ay dumaan sa tatlong yugto sa pangangalap ng mga datos upang masuri ang epekto ng pagtuturong tradisyonal at Directed Reading Thinking Activity (DRTA) sa pagtuturo ng maunawang pagbasa. Una, nagbigay ang mananaliksik ng liham ng paghingi ng pahintulot sa punongguro ng Guba National High School at sa mga magulang ng mga mag-aaral na naging respondente ng pananaliksik. Layunin ng liham na ipaliwanag ang proseso ng pag-aaral at matiyak ang pagsang-ayon ng kinauukulan at mga magulang bago isinagawa ang pananaliksik. Ikalawa, matapos aprubahan ang liham, isinagawa ang pagtuturo ng mga akdang pasalaysay na kabilang sa mga paksa ng unang markahan ng Filipino 8 gamit ang pagtuturong tradisyonal at DRTA sa dalawang pangkat ng mag-aaral. Ang mga akdang tinalakay ay ang Alamat ng Pinya (alamat), Si Tuwaang (epiko), at Uhaw ang Tigang na Lupa (maikling kuwento). Ang pagpili sa mga akdang ito ay batay sa kanilang nilalaman, na nagpapakita ng mahahalagang elemento ng panitikan at nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na masuri ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa.

Inilapat ang estratehiyang DRTA gamit ang apat na siklo na binubuo ng sumusunod na hakbang: (1) Paghihinuha. Sinimulan ito sa pagbabasa ng pamagat ng teksto at paghula ng mga mag-aaral sa posibleng paksa ng akda batay sa pamagat. (2) Pangangatuwiran. Sa bahaging ito ipinaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang hinuha at binigyang-katwiran kung paano nila ito nabuo. (3) Pagbabasa. Binasa ng mga mag-aaral ang unang bahagi ng akda upang suriin kung tama ang kanilang mga prediksyon. (4) Pagpapatunay. Dito tinalakay ng klase kung napatunayan o naitama ang kanilang mga hinuha batay sa binasang bahagi ng akda. Sa yugtong ito, hinihikayat ang mga mag-aaral na magtanong tungkol sa mahihirap na salita o hindi malinaw na bahagi ng binasa. Matapos ito, nagbigay ng bagong hinuha ang mga mag-aaral tungkol sa susunod na pangyayari sa akda. Sa prosesong ito, binigyang-diin ang kahalagahan ng integratibong pagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa, alinsunod kina Marquez at Dapitan (2025). Pagkatapos ng pagbasa at sistematikong pagsusuri ng bawat akda, isinagawa ang mga pagsasanay na naglalayong palalimin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Upang masukat ang kasanayan sa maunawang pagbasa, isinagawa ang isang pagsusulit na ang mga sagot ay initala, sinuri, at iniwasto ng mananaliksik. Kasunod nito, pinasagutan ang isang talatanungan upang tukuyin ang mga saloobin at mga hamong naranasan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Dagdag pa rito, isinagawa ang isang focus group discussion (FGD) upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa kanilang mga karanasan at suliranin kaugnay ng pagbasa. Ang lahat ng nakalap na datos mula sa pagsusulit, talatanungan, at FGD ay sistematikong inalisa at binigyang-kahulugan gamit ang angkop na teknik sa pagsusuri ng datos upang matukoy ang antas ng pagiging epektibo ng DRTA sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa. Batay sa mga natuklasan, bumuo ang mananaliksik ng isang modelong banghay-aralin na gumagamit ng DRTA bilang estratehiya sa pagtuturo ng maunawang pagbasa.

**Tritment ng Datos**

Sa bahanging ito sinukat at sinuri sa pamamaraang istatistikal ang performans ng dalawangpangkat ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa gamit ang datos ng iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit pagkatapos gamitin ang pagtuturong trasdisyonal sa isang pangkat at DRTA naman sa isa pang pangkat. Kinuha ang mean iskor at standard deviation ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral at ginamitan ito ng independent sample t-test para makuha ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mean iskor at standard deviation ng dalawang pangkat.

Paraan ng Pagpupuntos. Ginamit ang pamamaraan ng pagmamarka sa pag-aaral upang matasa ang kasanayan sa maunawang pagbasa pagkatapos gamitin ang pagtuturong tradisyonal at DRTA sa dalawang pangkat ng mga mag-aaral sa Ikawalong antas. Inilahad sa ibaba ang katumbas na antas ng bawat markang nakuha ng estudyante.

| Hanay ng Iskor | Kategorya | Berbal na Deskripyon |
|---|---|---|
| 9-10 | Lubhang Mahusay | Ipinamalas ng mag-aaral ang mataas na antas ng pag-unawa at kasanayan. Nakapagbigay siya ng mga sagot na tama, malinaw, at malalim ang pagsusuri. Halos walang kamalian ang kanyang gawain at ito ay higit pa sa inaasahan. |
| 7-8 | Mahusay | Ipinakita ng mag-aaral ang malinaw na pag-unawa sa kasanayan. Karamihan sa kanyang mga tugon ay wasto at maayos ang pagkakalahad. Bagama't may kaunting pag-aalangan, maayos pa rin ang kabuuang resulta. |
| 5-6 | Papalapit sa Pagiging Mahusay | Nakakitaan ng pundasyong kaalaman ang mag-aaral ngunit kulang pa sa lalim. May mga pagkakamali sa pagsagot at kakulangan sa detalye ngunit may potensyal para sa higit pang pag-unlad. |
| 3-4 | Nagpapaunlad | Ipinakita ng mag-aaral ang bahagyang pag-unawa sa kasanayan. Maraming bahagi ang hindi malinaw o kulang sa lohika. Kailangan pa ng higit na gabay at pagsasanay upang mapaunlad ang kaalaman. |
| 1-2 | Nagsisimula | Halos walang naipakitang pag-unawa ang mag-aaral sa kasanayan. Mali ang karamihan sa mga sagot at nangangailangan ng masusing gabay at suporta upang matutuhan ang mga pangunahing konsepto |

**Mga Pagsasaalang-alang sa Etika**

Sa pagsasagawa ng pag-aaral, mahigpit na sinunod ng mananaliksik ang mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok. Bago ang pangangalap ng datos, humingi at nakakuha ng pahintulot mula sa punongguro, gayundin sa mga mag-aaral at kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Tiniyak din ang informed consent sa pamamagitan ng malinaw na pagpapaliwanag sa layunin, proseso, at mga posibleng panganib at benepisyo ng pananaliksik. Pinanatili ang kumpidensiyalidad ng mga kalahok sa hindi pagsasama ng anumang personal na pagkakakilanlan at sa ligtas na pag-iimbak ng mga nakalap na datos na tanging ang mananaliksik lamang ang may akses. Higit sa lahat, sinunod ang integridad akademiko sa wastong pagbibigay-kilala sa lahat ng ginamit na instrumento, sanggunian, at materyales upang maiwasan ang anumang anyo ng plagiarism. Sa kabuoan, ang mga hakbang na ito ay nagsilbing gabay upang matiyak na ang buong proseso ng pananaliksik ay isinagawa nang responsable, etikal, at kagalang-galang.

## II. RESULTA AT DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga datos na nakalap mula sa performans ng mga mag-aaral sa Ikawalong antas ng Guba National High School sa unang markahan ng taong panuruan 2024-2025 sa maunawang pagbasa gamit ang pagtuturong tradisyonal at Directed Reading Thinking Activity (DRTA). Ang paglalahad ng datos ay nahahati sa tatlong presentasyon .

**Antas ng Kasanayan sa Maunawang Pagbasa Gamit ang Tradisyonal na Pagtuturo**

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas kasanayan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa gamit ang tradisyonal na pagtuturo.

**Table 1. Resulta Gamit ang Tradisyonal na Pagtuturo**
**x = 10**

| Kasanayan | *Mean Score, x* | *Standard Deviation,s* | Antas ng pang-unawa |
|---|---|---|---|
| Paghihinuha batay sa mga ideya | 9.03 | 1.39 | *Independent* |
| Pagtutuos sa dating kaalaman | 8.05 | 1.87 | *Instructional* |
| Ebalwasyon ng sanhi at bunga | 7.48 | 2.32 | *Frustration* |
| **Kabuoan** | **8.18** | **1.99** | ***Instructional*** |

Leyenda: *Independent* (90%-100%), *Instructional* (75%-89%), *Frustration* (below 75%)

Makikita sa talahanayan na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 8 sa tatlong aspeto ng maunawang pagbasa ay may kabuoang mean score na 8.18 at standard deviation na 1.99, na may deskripsiyon

na Instructional. Sa tatlong kasanayan, ang paghihinuha batay sa mga ideya ang nagtala ng pinakamataas na mean score na 9.03 at standard deviation na 1.39, na kabilang sa antas na Independent. Sumunod naman ang pagtutuos sa dating kaalaman na may mean score na 8.05, standard deviation na 1.87, at deskripsiyon na Instructional. Samantala, ang ebalwasyon ng sanhi at bunga ang may pinakamababang mean score na 7.48, na may standard deviation na 2.32, at kabilang sa antas na Frustration. Ipinapakita ng datos na sa pangkalahatan, may kakayahan ang mga mag-aaral sa pagbasa, ngunit nangangailangan pa sila ng gabay upang higit pang mapalalim ang kanilang kritikal na pag-iisipat pagsusuring pampanitikan, lalo na sa pagsusuri ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa teksto. Pinagtibay ng mga nakaraang pag-aaral ang naturang resulta. Ayon kay Megawati (2019), may positibong epekto ang paggamit ng DRTA sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang teksto sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa talakayan. Natuklasan naman ni Lagat (2021) na epektibo ang DRTA sa paglinang ng pagsusuring pampanitikan ng mga mag-aaral. Samantala, ipinakita nina Aclinen at Olesio (2023) na mas mabisa ang DRTA kumpara sa ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, lalo na sa pagpapalalim ng kakayahan sa kritikal na pag-iisip habang inuunawa ang mga tekstong binabasa. Ang mga datos na ito ay nagpapakita na, bagama't may pag-unlad sa ilang aspetong pagbasa, ang masusing interbensyon tulad ng DRTA ay kinakailangan upang mapabuti ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, partikular sa ebalwasyon ng sanhi at bunga.

**Antas ng Kasanayan sa Maunawang Pagbasa Gamit ang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) na Estratehiya sa Pagtuturo**

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa gamit ang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) na Estratehiya sa Pagtuturo

**Talahanayan 2: Kasanayan Gamit ang DRTA sa Pagtuturo**
**x = 10**

| Kasanayan | *Mean Score* | *Standard Deviation* | Antas ng pang-unawa |
|---|---|---|---|
| Paghihinuha batay sa mga ideya | 9.59 | 0.76 | *Independent* |
| Pagtutuos sa dating kaalaman | 8.27 | 1.48 | *Instructional* |
| Ebalwasyon ng sanhi at bunga | 8.78 | 1.25 | *Instructional* |
| Kabuoan | 8.88 | 1.31 | *Instructional* |

Makikita sa Talahanayan 2 na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 8 sa tatlong aspeto ng maunawang pagbasa ay may kabuoang mean score na 8.88 at standard deviation na1.31, na may deskripsiyon na Instructional. Sa tatlong kasanayan, ang paghihinuha batay sa mga ideya ang nagtala ng pinakamataas na mean score na 9.59, na may standard deviation na 0.76, at kabilang sa antas na Independent, na nagpapakita na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may kakayahang aktibong bumuo ng hinuha mula sa binasang teksto nang hindi nangangailangan ng patnubay. Sumunod naman ang ebalwasyon ng sanhi at bunga na may mean score na 8.78, standard deviation na1.25, at deskripsiyon na Instructional, na nagpapahiwatig ng kakayahan ng mga mag-aaral na suriiin ang ugnayan ng mga pangyayari sa teksto sa pamamagitan ng gabay o instruksyon ng guro. Samantala, ang pagtutuos sa dating kaalaman ay nagtala ng mean score na 8.27, standard deviation na 1.48, at kabilang sa antas na Instructional, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay maaaring maiugnay ang bagong impormasyon sa kanilang dating kaalaman ngunit nangangailangan pa ng patnubay. Sa kabuoan, ipinapakita ng datos na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral sa maunawang pagbasa, higit na lumalakas ang kanilang paghihinuha batay sa mga ideya, samantalang nangangailangan pa ng gabay sa pagtutuos sa dating kaalaman at ebalwasyon ng sanhi at bunga. Maaaring sa pamamagitan ng matalinong pagtatanong at pagbibigay ng makabuluhang diskurso, natutulungan ang mga mag-aaral na masdan hindi lamang kung ano ang nakasulat, kundi kung ano ang kahulugan nito sa mas malawak na konteksto. Pinatunayan ng pag-aaral na ang Directed Reading Thinking Activity ay mabisang estratehiya sa paglinang ng maunawang pagbasa. Hindi lamang nito pinahusay ang antas ng pag-unawa, pinatibay rin nito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa malalim na pag-iisip at aktibong pakikilahok sa proseso ng pagbabasa. Maiuugnay ito sa pag-aaral nina Mulyani et al. (2022) na ang DRTA ay may mga layunin, kabilang ang hikayatin ang mga estudyante na maging aktibo at mapanuring mambabasa, paganahin ang dating kaalaman, turuang subaybayan ang pag-unawa sa binabasa, at tulungang paunlarin ang kasanayan sa pagbasa at kritikal na pag-iisip. Ayon sa pag-aaral nina Hasanudin et al. (2023), ang paggamit ng estratehiyang DRTA ay may makabuluhang positibong epekto sa pagpapaunlad ng kakayahan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral, na sumasalamin sa pangunahing layunin ng DRTA na hikayatin ang mas aktibong pag-iisip habang nagbabasa.

**Makabuluhang Kaibahan ng Antas ng Kasanayan sa Maunawang Pagbasa Gamit ang Pagtuturong Tradisyonal at DRTA**

Makikita sa talahanayan 3 ang makabuluhang kaibahan ng kasanayan sa maunawang pagbasa gamit ang pagtuturong tradisyonal at DRTA .

**Talahanayan 3: Makabuluhang Kaibahan sa Antas ng Kasanayan sa Maunawang Pagbasa Gamit ang Pagtuturong Tradisyonal at DRTA**

| *Variance* | Tradisyonal | | DRTA | | *p-value* | Antas ng Kabuluhan | Resulta |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | X | s | x | S | | | |
| Paghihinuha batay sa mga ideya | 9.03 | 1.39 | 9.59 | 0.76 | 0.0333 | < 0.05 | Makabuluhan |
| Pagtutuos sa dating kaalaman | 8.05 | 1.87 | 8.27 | 1.48 | 0.5708 | > 0.05 | Hindi Makabuluhan |
| Ebalwasyon ng sanhi at bunga | 7.48 | 2.32 | 8.78 | 1.25 | 0.0034 | < 0.05 | Makabuluhan |

Makikita sa Talahanayan 3 na may makabuluhang kaibahan sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa sa pagitan ng tradisyonal na pagtuturo at DRTA. Sa aspeto ng paghihinuha batay sa mga ideya at ebalwasyon ng sanhi at bunga, nagtala ang DRTA ng mas mataas na mean scores (9.59 at 8.78) at mas mababang standard deviations (0.76 at 1.25) kumpara sa tradisyonal na pagtuturo (9.03 at 7.48, SD = 1.39 at 2.32), na may p-values na 0.0333 at 0.0034, na nagpapakita ng makabuluhang kaibahan. Samantala, sa pagtutuos sa dating kaalaman, hindi makabuluhan ang kaibahan (p = 0.5708), na nangangahulugang pareho ang epekto ng dalawang pamamaraan.

Pinagtibay ng literatura, tulad ng pag-aaral ni Vercellotti (2017), na ang DRTA ay isang interaktibong estratehiya na nagbubunga ng mas sistematikong pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa. Nahinuha sa pag-aaral nina Mansilla et al. (2025) na ang pagsasama ng mga estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa pagpapalawak ng pagkamalikhain ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kakayahan at pagganap ng mga mag-aaral. Pinapakita nito na ang malikhain at sistematikong proseso sa pagtuturo ay mahalaga upang maging epektibo ang pagtuturo at ihanda ang mga mag-aaral sa mga hamon sa hinaharap. Sa pamamagitan ng mga gawain ng DRTA na paghihinuha, pangangatuwiran, pagbabasa at pagpapatunay ay nahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral na magbigay ng kanilang hinuha, gamitin ang kanilang dating kaalaman at kakayahan sa pag-aanalisa at kritikal na pag-iisip sa pag-uugnay ng mga pangyayari mula sa akdang binasa. Nabanggit nina Vanbecelaere et al. (2020) na ang pagbasa ay hindi lamang tumutukoy sa pagtanggap ng nakasulat na impormasyon sa nakalimbag na materyal, kundi pati na rin sa proseso ng pagpapakahulugan nito, na siyang halaga ng gawain ng pagbabasa. Samantalang, sa ganitong punto natiyak naman ni Flores (2020) na naging mababa rin ang inferensiyal na komprehensiyon ng mga mag-aaral na nagpapahiwatig lamang na ang pagbabasa ay hindi pasibong pagkuha ng impormasyon mula sa teksto kundi isang proseso ng pag-iisip upang maunawaan ang kahulugan nito. Ang prosesong ito ay isinagawa sa pamamagitan ng estratehiyang gumabay at nagdala sa mga mag-aaral sa isang karanasang naging aktibo sa mga gawain at gumamit ng mas pinadaling paraan gamit ang estratehiyang DRTA na nagkakaroon ng pakikipag-interaksiyon at pag-uugnay ng mga mag-aaral sa akdang binabasa.

**Kongklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, napatunayan na ang paggamit ng Directed Reading Thinking Activity (DRTA) ay nakapagdulot ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto at epektibong kalinangan ng maunawang pagbasa. Naitaguyod ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral at nahikayat silang gamitin ang kritikal na pag-iisip sa proseso ng pag-unawa, alinsunod sa itinakdang kasanayang pampagkatuto. Sa pangkalahatan, naging epektibo ang DRTA sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paghihinuha batay sa mga pangyayari sa akda at sa ebalwasyon ng sanhi at bunga ng mga pangyayari. Naitaguyod din ng estratehiyang aktibong pagbibigay ng ideya, pagsusuri sa nilalaman ng teksto, at pagbabahagi ng saloobin at reaksyon ng mga mag-aaral hinggil sa binasang akda.

**Rekomendasyon**

Iminumungkahi na ang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) bilang estratehiya ay inaasahang mailapat sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan para sa inaasahang pagpapalawak ng kasanayan sa maunawang pagbasa. Ang pamamaraang ito ay makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa paghihinuha, pagtatanong, at pagsusuri ng mga ideya mula sa teksto, habang nagbibigay ng sapat na oras para sa interaktibong talakayan at pagbabahagi ng sagot. Makabubuti rin na maisama ang DRTA sa modelong banghay-aralin upang maging sistematiko ang proseso ng pagtuturo at magsilbing gabay para sa mga guro sa paghahatid ng epektibo at makabuluhang pagkatuto sa larangan ng Filipino. Sa ganitong paraan, maaaring mapalalim rin ang kritikal na pag-iisip, pagsusuring pampanitikan, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa silid- aralan.

Sa pangkalahatan, iminumungkahi ring gamitin ang modelong mga gawaing pampagkatuto at pampagtuturo na hindi lamang makatutulong sa mga mag-aaral para sa pagpapabuti ng kasanayan sa maunawang pagbasa, kundi magbibigay rin ng malinaw na gabay sa mga guro upang maisagawa ang mas makabuluhan at epektibong pagtuturo na naglalayong paunlarin ang pag-unawa sa pagbasa.

**MGA SANGGUNIAN**


[1] Aclinen, Z. M., & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa grade 8. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 319-345. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.024

[2] Atkinson, R. C., & Shiffrin, R. M. (1968). Human memory: A proposed system and its control processes. Psychology of Learning and Motivation, 2, 89-195. https://doi.org/10.1016/S0079- 7421(08)60422-3

[3] Bouchrika, I. (n.d.). Instructional design models in 2024: ADDIE, Gagne's, Merrill's and Bloom's methodologies. Research.com. Retrieved December 20, 2024, fromhttps://research.com/education/instructional-design-models

[4] Department of Education. (2023). Adoption of the National Learning Recovery Programin theDepartment of Education (DepEd Order No. 013, s. 2023). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DO_s2023_013.pdf

[5] Department of Education. (2024). Implementation of Catch-Up Fridays (DepEd MemorandumNo. 001, s. 2024). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DM_s2024_001.pdf

[6] Dorn, E., Hancock, B., Sarakatsannis, J., & Viruleg, E. (2020). COVID-19 and learning loss-disparities grow and students need help. McKinsey & Company. https://wasa-oly.org/WASA/images/WASA/5.0%20Professional%20Development/4.2%20Conference%20Resources/Winter/2021/covid-19-and-learning-loss-disparities-grow-and-students-need-help-v3.pdf

[7] Edullantes, J. R. T., Buenavista, P. J. Y., Toylo E. A., & Baluyos, G. R. (2023). Improving reading fluency through the use of word dice. United International Journal for Research & Technology, 04(12), 21-40. https://uijrt.com/articles/v4/i12/UIJRTV4I120004.pdf

[8] Estremera, M. L., & Estremera, G. L. (2018). Factors affecting the reading comprehension of grade six pupils in the City Division of Sorsogon, Philippines as basis for the development of instructional material. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 5(3), 72-78. https://www.researchgate.net/profile/Michael-Estremera/publication/361431957_Factors_Affecting_the_Reading_Comprehension_of_Grade_Six_Pupils_in_the_City_Division_of_Sorsogon_Philippines_as_Basis_for_the_Development_of_Instructional_Material/links/62b12c781010dc02cc4f1a8c/Factors-Affecting-the-Reading- Comprehension-of-Grade-Six-Pupils-in-the-City-Division-of-Sorsogon-Philippines-as-Basis-for-the- Development-of-Instructional-Material.pdf

[9] Flores, M. S. (2020). Kritikal at inferensyal na kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa larangan ngFilipino ng Visayas State University. International Journal of Research Studies in Education, 9(3), 51-61. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5825

[10] Gedik, O., & Akyol, H. (2022). Reading difficulty and development of fluent reading skills: An actionresearch. International Journal of Progressive Education, 18(1), 22–41. https://doi.org/10.29329/ijpe.2022.426.2

[11] Hasanah, U. (2016). Directed Reading Thinking Activity (DRTA) on students' reading comprehension(Unpublished master's thesis). Universitas Lampung. https://digilib.unila.ac.id/25584/3/THESIS%20WITHOUT%20RESULT%20AND%20DISCUSSIONS. Pdf

[12] Hasanudin, H., Said, E., & Rumalean, A. (2020). Directed Reading Thinking Activity strategy: A study toenhance students' reading comprehension. Qalam: Jurnal Ilmu Kependidikan, 9(1), 13-15. https://doi.org/10.33506/jq.v9i1.897

[13] Ismail, M. (2018). The use of Directed Reading Thinking Activity (DRTA) to improve students readingcomprehension of the first grade of SMK Pembangunan Kota Ternate. Langua-Journal of Linguistics, Literature, and Language Education, 1(1), 42-48. https://doi.org/10.5281/zenodo.1412229

[14] Izquierdo, M. G., Ferrera, J. M. C., & Lopez, V. C. (2018). Teaching practices and results in PISA 2015. Revista de Educacion, 379, 30-51. https://doi.org/10.4438/1988-592X-RE-2017-379-368

[15] Kuhfeld, M., Soland, J., Tarasawa, B., Johnson, A., Ruzek, E., & Liu, J. (2020). Projecting the potential impact of COVID-19 school closures on academic achievement. Educational Researcher, 49(8), 1-39. https://doi.org/10.3102/0013189X20965918

[16] Lagat, S. (2021). Guided Reading-Thinking (PPP): A method for teaching asian literature. International Journal of Arts, Sciences and Education, 2(1), 122-132. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/71

[17] Mansilla, M. E. A, De los Rios, T. C., Trujillo, B. P. S., & Ruiz, J. C. P. (2025). Teaching strategies anddevelopment of creativity in education. Edelweiss Applied Science and Technology, 9(2), 1273–1282. https://doi.org/10.55214/25768484.v9i2.4749

[18] Marquez, J. C., Jr., & Dapitan, Y. C. (2025). Kakayahang panliterasi sa pagbasa at pagsulat ng mgamag-aaral sa baitang 11 Akademik Trak sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig. International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOREducational Research Center, 4(2), 55-64. https://doi.org/10.63498/nxz2st254

[19] Megawati. (2019). The effect of Directed Reading Thinking Activity (DRTA) strategy on students' reading comprehension. Getsempena English Education Journal (GEEJ), 6(2), 172-181. https://ejournal.bbg.ac.id/geej/article/view/874

[20] Mulyani, R., & San Rizqiya, R. (2022). The implementation of Directed Reading ThinkingActivity (DRTA) strategy in teaching reading descriptive text using discovery learningproject. Professional Journal of English Education, 5(3), 505-511. https://journal.ikipsiliwangi.ac.id/index.php/project/article/download/6060/pdf

[21] Peñeda, M. B. (2021). Mga suliranin at lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan sa Filipino sa mga pilingpaaralan sa antas tersarya. American Journal of Humanities and Social Sciences Research(AJHSSR), 5(11), 24-30. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/11/D215112430.pdf

[22] Royeras, J. T, & Sumayo, G. S. (2024). Vocabulary knowledge and inferential reading comprehension of senior high school students: A descriptive- correlational inquiry. East Asia Journal of Multidisciplinary Research, 3(3), 1143-1154. https://doi.org/10.55927/eajmr.v3i3.8164

[23] Uriarte, E. A. R., & Chang, L. L. (2025). Scaffolding reading strategies and reading performance of senior high school students. International Journal of Social Science and Human Research, 8(8), 6243-6254. https://doi.org/10.47191/ijsshr/v8-i8-58

[24] Vanbecelaere, S., Van den Berghe, K., Cornillie, F., Sasanguie, D., Reynvoet, B., & Depaepe, F. (2020). The effects of two digital educational games on cognitive and non-cognitive math and readingoutcomes. Computers & Education, 143. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2019.103680.

[25] Vercellotti, M. L. (2017). Do interactive learning spaces increase student achievement? A comparison of classroom context. Active Learning in Higher Education, 19(3). https://doi.org/10.1177%2F1469787417735606

[26] Hasanah, U. (2016). Directed Reading Thinking Activity (DRTA) on students' reading comprehension(Unpublished master's thesis). Universitas Lampung. https://digilib.unila.ac.id/25584/3/THESIS%20WITHOUT%20RESULT%20AND%20DISCUSSIONS. Pdf

[27] Hasanudin, H., Said, E., & Rumalean, A. (2020). Directed Reading Thinking Activity strategy: A study toenhance students' reading comprehension. Qalam: Jurnal Ilmu Kependidikan, 9(1), 13-15. https://doi.org/10.33506/jq.v9i1.897

[28] Lagat, S. (2021). Guided Reading-Thinking (PPP): A method for teaching asian literature. International Journal of Arts, Sciences and Education, 2(1), 122-132. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/71


[29] Mansilla, M. E. A, De los Rios, T. C., Trujillo, B. P. S., & Ruiz, J. C. P. (2025). Teaching strategies anddevelopment of creativity in education. Edelweiss Applied Science and Technology, 9(2), 1273–1282. https://doi.org/10.55214/25768484.v9i2.4749

[30] Marquez, J. C., Jr., & Dapitan, Y. C. (2025). Kakayahang panliterasi sa pagbasa at pagsulat ng mgamag-aaral sa baitang 11 Akademik Trak sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig. International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOREducational Research Center, 4(2), 55-64. https://doi.org/10.63498/nxz2st254

[31] Megawati. (2019). The effect of Directed Reading Thinking Activity (DRTA) strategy on students' reading comprehension. Getsempena English Education Journal (GEEJ), 6(2), 172-181. https://ejournal.bbg.ac.id/geej/article/view/874

[32] Mulyani, R., & San Rizqiya, R. (2022). The implementation of Directed Reading ThinkingActivity (DRTA) strategy in teaching reading descriptive text using discovery learningproject. Professional Journal of English Education, 5(3), 505-511. https://journal.ikipsiliwangi.ac.id/index.php/project/article/download/6060/pdf

[33] Peñeda, M. B. (2021). Mga suliranin at lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan sa Filipino sa mga pilingpaaralan sa antas tersarya. American Journal of Humanities and Social Sciences Research(AJHSSR), 5(11), 24-30. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/11/D215112430.pdf

[34] Vanbecelaere, S., Van den Berghe, K., Cornillie, F., Sasanguie, D., Reynvoet, B., & Depaepe, F. (2020). The effects of two digital educational games on cognitive and non-cognitive math and readingoutcomes. Computers & Education, 143. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2019.103680.

[35] Vercellotti, M. L. (2017). Do interactive learning spaces increase student achievement? A comparison of classroom context. Active Learning in Higher Education, 19(3). https://doi.org/10.1177%2F1469787417735606